7:4

8-9-10

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG AGOSTO 2, 2010, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | . . . | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | . . . | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | . . . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

**KAPASIYAHAN BLG. 141-T2010**

**KAPASIYAHANG NAGBIBIGAY-KAPANGYARIHAN SA KAGALANG-GALANG PUNONG BAYAN DOMINGO G. PANGANIBAN NA PUMASOK SA ISANG KASUNDUAN SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA AT NATIONAL STATISTICS OFFICE UKOL SA PAGGAMIT NG BATCH REQUEST SYSTEM (BREQS) .**

**SAPAGKA'T,** ang National Statistics Office ay nag-alok sa pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng sistema na tinatawag na Batch Request System (BREQS) upang magamit sa mga nagnanais kumuha ng Civil Registry Documents;

**SAPAGKA'T,** sa pamamagitan ng BREQS ay mapapabilis ang malawakang serbisyo sa mga mamamayan hindi lamang sa mga dokumentong nakarehistro sa pamahalaan gayundin ang mga nakarehistro sa ibang bayan para sa madaliang serbisyo-publiko.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Batas), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Florencio C. Odejar, Jun M. Asinas at Serafin C. San Juan, Jr. at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Bigyang-kapangyarihan ang Kagalang-galang Punong Bayan Domingo G. Panganiban na pumasok sa isang kasunduan sa pagitan ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna at National Statics Office ukol sa paggamit ng Batch Request System (BREQS).

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang National Statistics Office, Sta. Mesa, Manila; Kagalang-galang Punong Bayan, Tanggapan ng Tagatalang Sibil, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:
**LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**ENGR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan